






Mga Batang Sera

Children of wax

-  Southern African Folktale
-  Wiehan de Jager
-  Arlene Avila
-  Tagalog / English
-  Level 2

(imageless edition)






Noong unang panahon, may isang
masayang mag-anak.

...


Once upon a time, there lived a
happy family.



Pawang mga lalaki ang mga anak
at hindi sila kailanman nag-aaway.
Tinutulungan nila ang kanilang
magulang sa bukid at sa gawaing-
bahay.

...


They never fought with each other.
They helped their parents at home
and in the fields.



Malaya nilang nagagawa ang
anuman, maliban sa isang bagay.
Hindi sila maaaring lumapit sa
apoy.

...


But they were not allowed to go
near a fire.



Sa gabi lamang sila nagtatrabaho
dahil sila ay mga sera!

...


They had to do all their work
during the night. Because they
were made of wax!



Ngunit pinangarap ng isa na
makita ang araw.

...


But one of the boys longed to go
out in the sunlight.



Isang umaga, hindi niya nalabanan
ang matinding pag-aasam.
Pinigilan siya ng kanyang mga
kapatid...

...


One day the longing was too
strong. His brothers warned him...



Subalit huli na ang lahat! Siya ay
nalusaw na ng mainit na araw.

...


But it was too late! He melted in
the hot sun.



Labis na nalungkot ang mga
batang sera sa nakitang dinanas
ng kapatid.

...

The wax children were so sad to
see their brother melting away.



Kaya gumawa sila ng paraan
upang matupad ang kanyang
pangarap. Sama sama nilang
hinubog ang serang labi ng
kapatid at ginawa itong ibon.

...


But they made a plan. They shaped
the lump of melted wax into a bird.



Dinala nila ang ibon sa tuktok ng bundok.

...

They took their bird brother up to a high mountain.



At sabay ng pagsikat ng araw,
lumipad ang ibon tungo sa liwanag
ng araw, na may awit na taglay.

...

And as the sun rose, he flew away
singing into the morning light.



Storybooks Canada

storybookscanada.ca

Mga Batang Sera

Children of wax

Written by: Southern African Folktale

Illustrated by: Wiehan de Jager

Translated by: (tl) Arlene Avila

This story originates from the African Storybook (africanstorybook.org) and is brought to you by Storybooks Canada in an effort to provide children's stories in Canada's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 3.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/3.0/).